



Arcidiocesi
di Milano

Sinodo minore

Traccia per la condivisione

COMUNITÀ DI MIGRANTI

ILALAPIT KO SA AKIN ANG LAHAT NG TAO

Ano ang ipinahihiwatig sa atin ng krus tungkol sa Simbahan, sa mga tao at sa buong mundo? "At kapag ako'y naitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao." (Jn 12.32). Ibinigay niya ang kanyang buhay para sa lahat. Ang bawat isa na nasasalubong natin, na bahagi ng anumang bansa, kultura o lahi, ay isang kapatid na pinagkalooban Niya ng kanyang buhay ... Ang malalim na pagbabagong nagaganap sa lupang Ambrosyano, hinggil sa lumalaking presensya ng mananampalatayang galing sa iba't-ibang bansa, ay hinahamon tayong palalimin ang katangiang pangkalahatan (katoliko) ng Simbahan. (pahina 16 at 17)

- Tayo na nasa ibang bansa, paano tayo natutulungan ng ating pagdarasal at pagdiriwang na maisentro si Jesus na nakabayubay sa krus sa ating pananampalataya? Ang mga tradisyon at debosyon ay ginagawa ba natin ayon sa ating bagong kapaligiran o dinala lang natin ang mga ito mula sa Pilipinas?
- Paano napapayaman ang pananampalatayang ipinasa ng mga magulang natin sa pakikisalamuha natin sa ibang lahi at sa mga parokyang Ambrosyano? Ano ang natututunan natin sa tradisyong Ambrosiano? Ano ang naiaambag natin sa pananampalataya ng mga Italyano?
- Sa pagpapanatili ng ating pagkakakilanlan at pagpapayaman sa pananampalataya ng iba, paano tayo nagiging isang Simbahan para sa lahat? Bilang tugon sa hamong ito, paano natin lalung maaayos ang katesismo at paghubog Kristiyano?

PANAHAON NG PAGSASAMA-SAMA SA LUPANG AMBROSYANO

Sa maraming pagkakataon, binuksan ng mga Pastol Ambrosyano ang ating mga isipan sa pananaw at pag-asa ng pagbubuo ng isang lipunan na binubuo ng iba't ibang lahi; tanggap ang katotohanan ng migrasyon bilang hudyat ng hinaharap at bilang okasyon ng higit na presensya ng Diyos sa mga tao; pagbuo ng kamalayang nakatuon sa pagtanggap sa iba't ibang tao at kakayahan na tingnan ang pagkakaiba-iba hindi bilang sanhi ng pagkakagulo kundi bilang pagkakataon para sa pagpapaunlad ng isa't isa, na nagpapasigla sa hustisya. Sa katunayan, ang nakataya ay hindi ang kalidad ng pamumuhay na magkakasama o ang pagpapanatili ng demokrasya, kundi ang kakayahan ng Simbahang Ambrosyano na magpatotoo sa Ebanghelyo at isabuhay ang pagkatoliko sa pamamrang bago at ganap. (pahina 26)

Ang pagsasama sama ay nangangahulugan ng positibong pagharap at malalimang pagkilala ng pagtatagpo ng mga kultura at lipunan; nangangahulugan ito ng pagharap sa pagbabago na hindi natin pinili ngunit dapat nating tanggapin, kilalanin at subukan; hangga't maaari ay sabayan ito, at ituon sa mabuti; nangangahulugan ito na tanggapin ang posibilidad at katotohanan na ang pakikipagtagpo sa iba ay babaguhin ang ating pagkakakilanlan, bilang indibidwal, lipunan at kultura. (pahina 27)

- May nabago ba sa naranasan nating pagtanggap noon at sa pagtanggap sa atin ngayon?
- Paano nakakatuong ang personal na karanasan ng mga migrante sa pagyabong/paglago ng lipunang binubuo ng iba't ibang lahi dito sa Milano? Nagdudulot ba ito ng pag-unlad o ng takot at kawalan ng tiwala?

- Sa pananaw ng pananampalatayang Kristiyano, anu-anong mga problema ang hinarap at patuloy na hinaharap natin sa kasalukuyan? Naikinig ba at tumutugon ang Simbahan ng Milano sa mga pangangailangang espirituwal ng mga migranteng mananampalataya?

ANG DIYOSIS NG MILANO, ANG SIMBAHAN NG MGA TAO

Sa maraming pagkakataon, ang mga migrante ay mga mananampalatayang Katoliko. Sila ay kinikilala bilang potensyal at positibong enerhiya na tutulak sa ating mga Kristiyanong komunidad sa "Pagpapani-bagong Pastoral". Inaanyayahan tayong harapin ang mga pagbabagong ito—basahin sila sa pangkalahatang pananaw. (pahina 31)

Ang presensiya ng mga Katolikong mula sa ibang bansa ay isang yaman na dapat makitang mabuti at pahalagahan ng ating sinodo. Narito ang ilang mga elemento na hinaharap ng ating pangangailangang pastoral at buhay Simbahan sa positibong pamamaraan: Ang pagkakaiba-iba ng kanilang paraan ng pananalangin at pagdiriwang, gayun din ang pagmamahalang namamayani sa kanilang mga komunidad, ang kanilang pagnanais na ipasok ang kanilang mga kapistahan at mga debosyon sa loob ng kulturang Ambrosyano. (pahina 33)

Ang pagkakaiba-iba ng mga relihiyon na kilala na sa ibang bahagi ng Europa ay nagiging konteksto sa pang-araw-araw na ritmo ng ating buhay Simbahan. Napipilitan tayong isuko ang ating pagkakakilanlan at maka-Kristiyanong pagsaksi. Hinihiling sa atin na isabuhay ang ating pananampalataya sa isang positibong paraan bilang kontribusyon at pagpapanatili sa kabutihang pangkalahatan at pagtataguyod ng kapayapaan, na bunga ng paggalang sa isa't-isa at sama-samang paglalakbay. (pahina 36)

- Nabago ba ng iyong pagdalo sa Simbahang lokal at paglagi dito sa Italia ang iyong pamamaraan ng pagsasabuhay ng pananampalataya, ang pagiging bahagi ng isang sambayanan, at ang iyong karanasan sa Simbahang Katolika?
- Anu-anong positibo o negatibong karanasan ang maaari mong isalaysay tungkol sa ugnayan ng sambayanan at sa parokyang kumukupkop sa inyo? Ang sambayanan at ang parokya ba ay nagkakaroon ng pagkakataong magsama, makinig at magtuwid?
- Paano natin maipapasa ang pananampalataya sa mga kabataan na iba ang pamumuhay kompara sa lugar na ating pinaggalingan?
- Paano pinahalagahan sa araw-araw ang kayamanang ito?
- Ano ang mga inaasahan ng ikalawang henerasyon ng mga kabataan tungo sa lokal na Simbahan? Ano ang mga inaasahan ng kanilang mga sambayananang kinabibilangan? Ano naman ang mga inaasahan ng mga nakakatatanda?
- Anong sentimiento ang ginising sa inyo ng relihiyon ng mga mananampalataya ng ibang mga sekta? Paano ito tinatanggap ng komunidad? Nagigising ba ang diwa ng pagpupulong at pag-uusap? Kung Oo, paano ito nangyayari o kaya'y paano ito maisakatuparan nang tunay? Kung hindi, ano ang mga hadlang dito?
- Sa larangan ng pananampalataya, ano ang ibig sabihin ng "pakikipagpalitan" (reciprocity)? Mahalaga ba ito? Ano ang mga kailangan nating gawin upang ipatupad ito?

Tutti i materiali su www.chiesadimilano.it/sinodo

Chiediamo la restituzione delle riflessioni prodotte entro Pasqua all'indirizzo sinodo@diocesi.milano.it